Taon XXXV Blg. 6 Marso 21, 2004 www.philippinerevolution.org

Editoryal

Ipagbunyi ang isang taong mga tagumpay ng armadong pakikibaka


a darating na Marso 29, ika-35 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan, itanghal natin ang mga tagumpay sa pagsusulong ng digmang bayan sa nagdaang taon.

Papadalas ang paglulunsad ng mga taktikal na opensiba ng BHB sa buong bansa. Mahusay nitong tinugunan ang panawagan ng ika11 plenum ng Komite Sentral ng PKP noong katapusan ng 2002 na paigtingin ang armadong pakikibaka.

Simula huling hati ng nakaraang taon, mahigit isang taktikal na opensiba bawat linggo ang inilulunsad ng BHB sa iba't ibang bahagi ng bansa. Nitong mga huling buwan, ibayo pang dumalas at dumadagundong ang mga taktikal na opensiba ng BHB. Bunga ng mga ito, nakasamsam ang BHB ng daan-daang sandata na makapagaarmas sa ilampung platun ng mga Pulang mandirigma. Nilutas nito, sa isang antas, ang kakulangan sa armas ng BHB at pangangailangang armasan ang libu-libong mamamayang nagnanais sumapi sa BHB.

Isa sa mga tampok na taktikal na opensiba sa nakaraang taon ang pagreyd sa armori ng PICOP sa Bislig, Surigao del Sur noong Marso 21, kung saan halos 100 sarisaring armas ang nasamsam. Nariyan din ang mapangahas na reyd noong Hunyo 26 sa detatsment ng 52nd IB sa Oras, Eastern Samar, kung saan 25 armas ang nakumpiska at 15 pwersa ng kaaway ang napatay.

Susi sa matatagumpay na taktikal na opensibang ito ang mahigpit na pagkakaisa ng mamamayan at ng hukbo. Ang masiglang pagtulong, koordinasyon at aktwal na paglahok ng mamamayan sa iba't ibang aspeto ng mga taktikal na opensiba ang nagbibigay ng di mapasusubaliang bentahe ng BHB



Mga tampok sa isyung ito...

Rehimeng Arroyo, nagmamatigas sa kaso ng POWS

PAHINA 4

Ka Joan, kakaibang mandirigma

PAHINA 7

Matinding panghihimasok ng US sa Haiti

PAHINA 10

Mga larawan ng BHB

BILANG natatanging paraan ng paggunita sa ika-35 saryo ng Bagong Hukbong Bayan (BHB), ilalathala ang Pulang Mandirigma: Images of the New People's Army, isang librong katatampukan pinakabagong mga larawan mula sa iba't ibang mga larangang gerilya sa buong bansa. Bukod sa kuha ng mga kasamang potograper, marami sa mga larawan na nilalaman ng librong ito ay iniambag ng mga kasama na kuha mula sa kanilang mga digital camera at maging mga cellphone.

Makikita sa mga larawang ito ang mga Pulang mandirigma sa iba't ibang larangan ng gawain. Malinaw na maipakikita ng mga larawang ito ang mahigpit na pagkakaisa ng BHB at mamamayan. Matutunghayan ng mga mambabasa ang katotohanang ang BHB ay tunay na hukbo ng sambayanang Pilipino.

kapwa sa mga usaping pangmilitar (kabilang ang paniniktik at lohistika) at pampulitika. Ang lakas ng BHB ay ilang ulit na napalalaki sa pamamagitan ng pakikipagtulungan nito sa mga milisyang bayan, rebolusyonaryong organisasyong masa at iba pang mamamayan.

Nitong nagdaang taon, ipinamalas din ng BHB ang higit na mataas na kaalaman sa taktikang militar at kakayahan sa maniobrang gerilya, mahigpit na pagkabisa sa tereyn, pagkukumbina ng matataas at mababang uri ng kagamitang militar at pagpapahusay ng gawaing paniktik. Natamo ang ganitong kakayahan sa pamamagitan ng sistematikong paglulunsad ng mga pagsasanaymilitar at pagsasakatuparan ng mataas na disiplinang militar.

Dahil dito, hindi lamang natitiyak ang mga matagumpay na taktikal na opensiba, mas mahusay din ngayong naisasagawa ng BHB ang mga kontra-atake sa mga depensi-

bang labanan upang biguin ang mga pananalakay ng kaaway.

Sa kabilang banda, hilung-hilo ang reaksyunaryong gubyerno at mga sandatahang pwersa nito sa kabi-kabilang mga armadong pagsalakay ng BHB. Pirming nangangamba at hindi magkandaugaga ang Armed Forces of the Philippines at Philippine National Police.

Lumalawak ang demoralisasyon sa hanay ng mga karaniwang sundalo at nakabababang upisyal ng AFP at PNP habang lalong nalalantad ang anti-mamamayang gawi, malawak na kabulukan at kriminalidad sa loob ng burukrasyang militar,

laluna sa hanay ng matataas na upisyal. Lumalalim pa ito sa harap ng paparaming kabiguan at pinsalang ti-

natamo ng AFP at PNP sa larangan ng dig-maan at ng tumitinding pagkakahiwalay nito sa mamamayan.

Sa pamamagitan din ng sistematikong pagpoproganda at pag-

mumulat na isinasagawa ng rebolusyonaryong kilusan, papa-

rami ang bilang ng mga sundalo at pulis na tumitiwalag sa AFP, PNP at CAFGU. Tampok na kaso nito ang isang platun ng CAFGU sa Mindanao na nagsurender ng kanilang mga armas sa BHB. May ilang lumalahok sa Lt. Crispin Tagamolila Movement at tuluyan nang sumasapi sa BHB o nagsisilbing lihim na kontak ng rebolusyonaryong kilusan sa loob ng reaksyunaryong militar at pulis. Nagbibigay sila ng mahahalagang impormasyon, nagpopropaganda sa ibang mga sundalo at pulis o kaya'y kumukuha ng mga armas at iba pang lohistika para sa BHB.

Sa harap ng tuluy-tuloy na pagsulong ng digmang bayan at



Taon XXXV Blg. 6 Marso 21, 2004

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org.

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa:

angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editoryal	1
Matatagumpay na mga opensiba	4
POWS sa Bikol	5
Minimum na edad	6
Ka Joan	7
Rebolusyon sa Negros	9
Panghihimasok sa Haiti	10
Balita	12

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

dumaraming pinsala at kabiguan ng AFP at PNP, lalong lumalala ang desperasyon nito. Bunsod nito, iniuumang ng kaaway ang mga baril at pasistang bangis nito sa mamamayan.

Paparami ang naitatalang malalalang kaso ng paglabag sa karapatang-tao. Tampok dito ang mga kaso ng pagsalbeyds, iligal na pag-aresto, pagtortyur, panggagahasa, pandarahas sa kababaihan at mga bata, pamamaril, pagboblokeyo at paghihigpit sa malayang pagkilos ng mga tao at marami pang iba.

Ginagamit ng AFP ang taktika ng pagkokonsentra sa tinataya nilang 12 prayoridad na mga larangang gerilya sa hangaring gapiin ang mga rebolusyonaryong pwersa roon at pigilan na lamang ang paglawak at paglakas ng iba pa.

Subalit dahil limitado ang bilang ng mga pwersa nito, napipi-

litan ang AFP na iwanang nakabukas ang mahigit 100 pang mga larangang gerilya. Sa mga iyon, ang relatibong mas manipis na pwersa ng kaaway ay mas madaling target ng mga taktikal na opensiba ng BHB.

Sa mga larangang gerilya na
kinokonsentrahan
ng kaaway, ang taktikang "clear-holdconsolidate-develop" at matagalang
pagmamantine ng
presensya sa lugar sa

pamamagitan ng mga RSOT (Reengineered Special Operations Team) ay binibigo ng BHB, katuwang ang mga lokal na sangay ng Partido, mga milisyang bayan at mga rebolusyonaryong organisasyong masa. Ang mapanlinlang na maliliit na "proyektong sibiko"

ng kaaway ay inilalantad ng mga rebolusyonaryong pwersa sa pamamagitan ng masikhay na gawaing propaganda at pagpapakilos sa masa.

Kung saan may matagalang maramihang presensya ng kaaway sa lugar, kinakailangang isabalikat nang may higit na pag-iingat at pagiging mapanlikha ang mga gawain sa pag-oorganisa, pagko-konsolida ng Partido, edukasyon, pakikibakang agraryo at iba pang mga kampanyang masa. Sa kabilang panig, nangangahulugan din ito ng mas maraming target para sa mga atake ng BHB.

Inilulunsad ang mga taktikal na opensiba ng BHB kasabay ng paghahanda sa masa at pagtataas ng kanilang militansya upang tutulan at labanan sa iba't ibang paraan ang inaasahang pananalanta ng militar sa mga di armadong mamamayan.

Tungkulin ng BHB na ibayong isulong ang digmang bayan sa darating at mga susunod pang taon. Ang mga rekisito ng maagang subyugto ng estratehikong depensiba ng digmang bayan ay nakukumpleto na sa kalakhan at naririyan na ang mga rekisito para sa pagpasok natin sa gitnang sub-

yugto.

Tiyak na sa darating na taon, tataas ang kakayahan ng BHB na maglunsad ng paparaming mga maipagwawaging taktikal na

opensiba habang lahatang-panig na sumusulong ang rebolusyonaryong gawain sa kanayunan. Itinutuon ng BHB ang 90% ng panahon nito sa gawaing pampulitika at 10% sa gawaing militar upang mapanatiling mahigpit ang pagkakaisa ng mamamayan at hukbong bayan at malakas ang batayang pampulitika sa pagsusulong ng gawaing militar.

Lalagpasan ng BHB ang mga nakamit nang tagumpay larangan ng armadong pakikibaka. Kung makapaglulunsad ang bawat isang larangang gerilya ng isang taktikal na opensiba bawat tatlong buwan, di kukulangin sa limang taktikal na opensiba laban sa AFP ang mailulunsad bawat linggo. Tinitiyak nito ang target na bilang ng armas na masasamsam sa mga taktikal na opensiba. Nasa katayuan ang BHB na higitan nang ilang ulit ang bilang ng armas na nasamsam ng BHB mula sa AFP at PNP nitong nagdaang taon.

Pinauunlad nito ang pagrerekrut ng mga Pulang mandirigma at ibayong pagpapalawak at konsolidasyon ng organisasyon ng Partido loob ng BHB. sa Kailangang bumuo ng sistematikong plano sa pagrerekrut upang mapasapi sa BHB ang mga aktibista mula sa hanay ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa at milisyang bayan sa kanayunan.

Sa pagpapalakas natin ng suporta at rekrutment sa BHB mula sa kalunsuran, binibigyan din natin ng espesyal na diin ang pag-rerekrut ng mga manggagawa at mga kabataang nakapag-aral at pagkukumbina sa kanila at sa nakararaming galing sa uring magsasaka.

Sa pamamagitan ng paglulunsad ng mga pagsasanay-militar at mga kumperensyang militar sa iba't ibang antas, naitataas ng BHB ang kakayahan nito kapwa sa praktika at teorya ng pagsusulong ng digmang bayan. Sinisistematisa na rin nito ang pagsasanay ng mga upisyal ng hukbong bayan sa buong bansa upang maparami ang mga may kakayahang mamuno sa lumalaking hukbo.

20 armas naagaw sa iba't ibang opensiba

i bababa sa 20 armas ang nasamsam ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa mga taktikal na opensibang inilunsad nitong Marso sa iba't ibang dako ng Pilipinas. Lima ring sundalo ang napatay at 16 ang sugatan sa mga opensibang ito.

Pinakamatingkad sa mga aksyong militar ng BHB ang sabayang pag-atake sa istasyon ng PNP at detatsment ng Philippine Army nitong Marso 17 sa Samar; ang pagdisarma sa mga gwardya ng isang plantasyon sa Compostela Valley nitong Marso 12; at ang reyd sa istasyon ng PNP sa Gabaldon, Nueva Ecija nito ring Marso 12.

Sa Samar. Labindalawang armas kabilang dalawang ang M16, tatlong M14 at pitong .45 pistola at 👠 .38 rebolber nasamsam nang salakayin ng a BHB and himpilan ng pulisya sa bayan ng San Jose de Buan, Samar nitoong madaling araw ng Marso 17. Tatlong elemento ng PNP, kabilang ang kanilang hepe ang nasugatan sa halos limang oras na labanan.

Kasabay nito, isang sundalo rin ang nasugatan nang tambangan ng mga Pulang mandirigma ang mga tropang reimporsment mula sa detatsment ng 34th IB na may himpilang malapit sa hedkwarters ng PNP. Tatlong kasama ang nasawi sa labanang ito.

Sa Compostela Valley. Hindi nabahala ang mga armadong gwardya ng Nova Vista Plantation sa Barangay Tagnana, Mabini nang manaog mula sa isang trak at isang dyip ang isang grupo ng mga babae para magpaskil ng mga pangampanyang poster sa pader ng plantasyon, malapit sa *main gate*, bandang 6:15 ng gabi noong Marso 12. Huli na nang matanto nila na panlalansi pala ito ng mga Pulang mandirigma ng BHB para malapitan ang kanilang detatsment.

Makaraan ang ilang sandali, nabuksan ang *main gate* at biglang pinaputukan ang detatsment.

> Sinamsam ng BHB mula sa limang sugatang gwardya ang apat na M16, isang garan at isang radyong VHF.

Apat na pulis din ang nasugatan nang makasagupa ng BHB nitong Marso 15 sa g kalapit

> ng Maco ang pwersa ng PNP na tumutugis sa kanila.

na bayan

Nueva Ecija. Hindi nakapanlaban ang nagulantang na hepe ng Gabaldon PNP na si Insp. Victor Bautista at kasama nitong dalawang tauhan nang biglang pasukin ng BHB ang kanilang hedkwarters at samsamin ang isang M16, isang 9 mm na pistola, isang .38 rebolber, isang transceiver radio at tatlong cellphone.

Misamis Occidental. Apat na sundalo ang napatay at di bababa sa tatlo ang grabeng nasugatan nang maagaw ng mga gerilya sa ilalim ng BHB-Front Monterosa Command ang inisyatiba laban sa umaatakeng mga tropa ng 10th IB noong Marso 14 sa Lower Bautista,

Sapang Dalaga. Napaglamangan pa rin ng BHB ang 10th IB sa kabila ng tinanggap na espesyal na pagsasanay ng mga tropa nito mula sa US. Isang Pulang mandirigma ang nasawi sa 45minutong labanan.

Camarines Sur. Pinarusahan nitong Marso 14 ng Romulo Jallores Command ng Bicol si Lt. Col. Ramon Claros, retiradong upisyal sa paniktik ng PNP. Ang pamamarusa ay inilunsad sa Barangay Concepcion Pequena, Naga City. Si Claros ang namuno sa pagdukot at pagpatay sa mga aktibistang sina Nona Sta. Clara, Llenaresas, Angelina Lauro Velasquez at isa pa nilang kasama noong Abril 1989 sa Sta. Cruz, Naga City. Nanatiling aktibo sa gawaing paniktik si Claros kahit nang magretiro na siya. Sangkot din siya sa pagtutulak ng iligal na droga at sa kidnapping-for-ransom.

Bohol. Nagsagupaan ang BHB at 28th Special Forces Company ng 302nd Infantry Brigade noong umaga ng Marso 14 sa Sityo Casingi, Barangay San Jose, Batuan. Tinamaan sa dibdib at agarang namatay ang isang sarhento.

Leyte. Sinalakay ng isang platun ng BHB noong madaling araw ng Marso 10 ang detatsment ng PNP Regional Mobile Group na nasa loob ng Maragundong-B, Togonon power geothermal plant ng National Power Corp. sa Ormoc City. Kumaripas ng takbo ang dalawang nakabantay na pulis.

Tarlac. Nireyd ng BHB noong unang linggo ng Marso ang detatsment ng Philippine Army sa Barangay Matatalaib, na kanugnog ng Tarlac City.

Rehimeng Arroyo, nagmamatigas sa kaso ng mga POW

Walang humpay na mga operasyong militar ang pinakawalan ng AFP sa Tinambac, Camarines Sur at mga karatigbayan kamakailan bilang tugon sa panawagan ng BHB na simulan ang pakikipagnegosasyon at itigil ang mga operasyong militar para bigyang-daan ang pagpapalaya kina 1Lt. Ronaldo Fedelino at Pfc. Ronel Lemeño ng 42nd IB. Ang dalawa ay kapwa nabihag ng BHB sa isang taktikal na opensiba noong Marso 1 sa Tinambac.

Magpahanggang ngayon, nagwawalambahala ang rehimeng Arroyo sa kalagayan ng dalawang sundalo. Tumatanggi itong makipag-usap sa *peace panel* ng NDFP upang simulan ang proseso ng kanilang pagpapalaya. Lubos na nitong ipinaubaya sa AFP ang pagbabalangkas ng patakaran hinggil sa mga bihag.

Sa kabila ng pagtatambak ng isang batalyong tropa sa lugar, bigo pa rin ang AFP na matagpuan ang kinalalagyan ng dalawang sundalo. Mga di-armadong sibilyan

ang binabalingan ngayon ng AFP.

Anim nang sibilyan ang dinukot mula Marso 2, kabilang ang mga Bayan Muna *coordinator* na sina Isiderio de los Santos at Jaime Rodriguez. Hanggang ngayon ay hindi pa inililitaw si de

los Santos habang ang limang iba pa ay patuloy na nakakulong sa himpilan ng 42nd IB sa Ba-Mabalodbarangay lod, Goa. Isang 14 anyos na babae mula sa Del Carmen, Lagonoy ang pinaghihipuan din ng mga sundalo noong Marso 3. Noong araw ding iyon, ninakaw at kinatay ng mga sundalo ang tatlong

pabo na pagmamay-ari ni Rodolfo Caganda, konsehal ng Barangay Del Carmen. Marami ring sibilyan ang binugbog, kabilang si Gilbert Quilingan, Anakpawis coordinator ng Barangay Antipolo, Tinambac at iba pang mamamayan ng Barangay Lamon, Goa at Barangay Pinamihagan, Lagonoy.

Samantala, sa Negros, pinakawalan na noong Marso 15 si Eduardo Raya, isang elemento ng CAFGU na dinakip ng BHB nang salakayin nito ang detatsment ng

Himamaylan noong Pebrero 15.
Bagamat napatunayan ng hukumang bayan
na nagkasala siya
sa pagpapakubkob
sa isang yunit ng
BHB noong 2002 sa
Himamaylan, pinalaya siya sa mga

batayang makatao. Binigyangbabala na lamang si Raya at inatasang bayaran ng danyosperwisyos ang mga napinsala niya.

Inintrega siya ng BHB kay Bishop Vicente Navarra ng Diocese of Bacolod City.

Bayan Muna, iba pang progresibong partido, ginigipit

Patuloy na ginigipit ang mga progresibong partido at kandidato habang umiinit ang kampanyang pang-eleksyon. Ang partidong Bayan Muna at iba pang progresibong partido ang nangunguna sa mga sarbey hinggil sa eleksyong party list.

Pinakahuling insidente ang pagdukot kay Pedro Bueta, 54 anyos na organisador ng Anak Pawis, sa Barangay Buo, Magdalena, Laguna. Ayon sa asawa niyang si Rosita, dinukot si Bueta noong Marso 13 ng 15 katao bandang 10:30 ng umaga. Isa sa mga dumukot kay Bueta ay

elemento ng CAFGU, ayon sa kanilang kapitbahay na nakasaksi sa pangyayari.

Bandang alas-8 ng gabi noong Marso 10, iligal na inaresto ng mga sundalo ng 46th IB ng Philippine Army si Joy Batis Paloma, 17 anyos na organisador ng Anak Pawis pamamahay ni habang nasa Bernardo Batis sa Barangay Hiluctugan, Carigara, Leyte. Dinala siya sa Camp Macalpi sa bayan ding ivon at isinailalim sa "tactical interrogation" ng mga militar simula Marso 10. Pinalaya lamang siya noong Marso 12 sa harap ng protestang pinangunahan ng "Task

Force Joy" ng Anak Pawis, Concerned Citizens for Justice and Peace, KATUNGOD-Karapatan, PCPR-Eastern Visayas at mga upisyal ng pamahalaang bayan ng Carigara.

Samantala, hindi pa inililitaw ang dalawang Bayan Muna organizer na sina Jacquelin Paguntalan at Rolando Fortaleza na dinukot ng mga armadong lalaki noong Pebrero 21 sa Baybay, Leyte.

Mas maaga pa rito, iligal na idinitine ng 71st IB noong Pebrero 8 si Teresita Abellera, Bayan Muna *coordinator* ng Lupao, Nueva Ecija.

Minimum na 18 edad ng mga Pulang mandirigma, mahigpit na ipinatutupad

bulaang ∎aliwas mga akusasyon ng reaksyunaryong gubyerno at ng militar nito, mahigpit na ipinatutupad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang patakaran sa edad sa pagrerekluta nito ng mga kasapi.

ing pampulities Mahigpit na tumatalima at gumagalang ang BHB sa internasyunal na makataong batas at mga alituntunin sa digma hinggil sa hindi pagpapalahok sa mga bata sa armadong tunggalian.

Malinaw na nakasaad sa Mga Saligang Alituntunin ng BHB na "Sinumang di bababa sa edad 18, may mahusay na pangangatawan at pag-iisip, anuman ang kasarian, lipi, nasyunalidad o relihiyon, may kakayahang lumaban at handang lumahok sa armadong pakikibaka laban sa reaksyunaryong kapangyarihang estado ay maaaring maging kombatant o kasapi ng isang panlabang yunit ng BHB."

mga nagnanais pumaloob sa BHB na wala pang 18 ay hinihikayat na pumaloob sa mga lihim na mga organisasyon ng mga bata o kabataan, lumahok sa mga gawaing pamproduksyon, pangkultura at pang-edukasyon at iba pang katulad na mga gawain. Sinumang hindi bababa ang edad sa 15 ay maaaring maging treyni o aprentis. Maaari rin silang italaga sa yunit depensa ng mga organisasyong masa, sa milisya o sa mga yunit at gawaing hindi pangkombat.

Noon pa mang 1988, naglabas na ang Kawanihang Pampulitika ng Komite Sentral (KPKS) ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ng patakarang nagbabawal sa pagrerekluta ng kabataang wala pa sa

une 1. Sinumang di bahaba sa edad 18, may mahusay na pangangaawan at bandang lumahok sa nag kakayahang lumahan at bandang lumahok sa nag kakayahang lumahan, lipi, nagyunalidad o relihiyon, may kakayahang lumahan la lumahan lipi, nagyunalidad o relihiyon, may kakayahang lumahan at bandang lumahan la lumahan lu me kasanan, ini nasyuna idad o reihiyon, nay kakayahane umaban a handane umaban nagine magine magine panjahane panjahane astang at handan sa reaksyunaryone kapane yarihane astano, ay maaarine magine panjahane yunin ne Bilip. Konnatan o kasan ng talaga sa pagaaanggol sa saril, milisya o ita pang hindi bababa ang edad sa saril, milisya o ita pang hindi bababa ang edad sa saril, milisya o ita pang komba na mga yuni BHB at maaaring talaga sa pagaaanggol sa saril, milisya o ita pang hindi bababa ang edad sa saril, milisya o ita pang hindi bababa ang edad sa saril, milisya o ita pang hindi bababa sa pagaaanggol sa saril, milisya o ita pang hindi bababa sa pagaaanggol sa saril, milisya o ita pang hindi bababa sa pagaaanggol sa saril, milisya o ita pang hindi bababa sa pagaaanggol sa saril, milisya o ita pangaan ng mga yuni o ang mga yuni o a Para kaso ng paranalakay o pagpasok ng kaaway sa teritoryo ng demokratikong gubyemong armadore patikibaka laban sa reatsyunaryong kapangya kombatan o tasapi ng isang panlabang yunit ng maaring kombatan o tasapi ng isang panlabad sa 15 ay maaaring

at gawain

noon ang PKP at ang National Democratic Front of the Philippines (NDFP) ng isang espesyal na grupong nagaral sa Geneva Conventions at mga protokol nito na may kaugnayan sa karapatang-tao at internasyunal makataong batas pagtutugma rin noon rito ng mga batayang prinsipyo, patakaran at praktika ng PKP, BHB at NDFP.

Ang patakarang inilabas ng KPKS noong 1988 ay sinundan pa ng Komiteng Tagapagpaganap ng Komite Sentral (KTKS) ng PKP ng memorandum para sa lahat ng mga organo ng Partido at mga kumand

Idiniin ng KTKS sa memorandum na ito ang pagsang-ayon at pagtalima ng PKP sa pamamagitan ng NDFP sa Geneva Conventions at mga protokol nito. Nakasaad rin sa memo ang pagsuporta ng PKP sa Optional Protocol on the Convention on the Rights of the Child nagbabawal

pagrerekluta mga wala pang 18 ang edad kahit pa panukala pa noon International Committee of the Red Cross at ng Red Crescent Move-

ment.

Sa harap ng patuloy na kampanyang saywar ng reaksyunaryong gubyerno, muling pinagtibay noong 2002 sa ika-11 plenum Komite Sentral ng PKP patakarang inilabas ng KPKS noong

1988 at ang memo ng KTKS noong 1999. Muling idiniin ng KTKS ang pangangailangang pag-aralan ang mga dokumentong ito at tiyaking naipatutupad.

Kasabay ng mahigpit na pagpapatupad ng PKP at BHB hinggil edad ng mga Pulang mandirigma, kinikilala rin ng rebolusyonaryong kilusan karapatan ng mamamayan sa buobuong mga komunidad ipagtanggol ang sarili sa harap ng matinding brutalidad ng kaaway na bumibiktima sa lahat, anuman ang edad o kasarian.

Ka Joan: Kakaibang mandirigma

Si Ka Joan, 25 taong gulang, ay isang Pulang mandirigma sa isang platun ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa katimugang larangan ng Cagayan Valley. Tulad ng ibang proletaryong rebolusyonaryo, nakikibaka siya para itatag ang kinabukasang malaya sa pang-aapi at pagsasamantala. Subalit di tulad ng karamihang Pulang madirigma, ang tunay niyang kasarian ay hindi mapapansin sa biglang tingin: Si Ka Joan ay bakla.

"Taglay ko ang puso ng isang bakla," hayagan niyang sinabi. "Isa akong baklang rebolusyonaryo."

Nagmula si Ka Joan sa isang pamilyang magsasaka sa Cagayan de Oro. Nilisan niya ang kanilang tahanan may 13 taon na ang nakararaan at nagtrabaho sa isang *nightclub* sa Maynila, una bilang *wardrobe aide* (tagaayos ng mga isusuot) ng dalawang mananayaw, na halos kumupkop sa kanya. Pagkatapos, naging *floor manager* (tagaasikaso sa mga parokyano) siya ng *club*.

Noong 17 taong gulang si Ka Joan, nagbakasyon siya sa isang maliit na bayan sa Bulacan kung saan nakilala niya ang isang organisador sa komunidad. Matapos ang ilang buwan, tumigil siya sa paghahanapbuhay at naging buong-panahong organisador na rin ng maralitang-lunsod. "Naisip kong kailangang may gawin ako para sa mamamayan at mga kapwa ko bakla para ipaglaban nila ang kanilang mga karapatan."

Matapos ang ilan pang buwan ay inatasan si Ka Joan na tumulong sa pag-oorganisa sa maralitanglunsod sa isang syudad sa Cagayan Valley. "Napakainit ng pagtanggap masa doon," akin ng pagbabalik-tanaw niya. Wala pang organisasyon ng kabataan sa lunsod, kaya inatasan siyang simulan ang pag-oorganisa ng kabataan doon. Di nagtagal, itinatag nila ang balangay ng Kabataang Makabayan (KM), bukod sa iba pang ligal na organisasyon ng kabataan.

Pumasok si Ka Joan sa isang larangang gerilya sa kauna-

unahang pagkakataon ipagdiwang ang anibersaryo ng KM noong Nobyembre 2002. Nahikayat bumalik pagsapit ng siyang Disyembre para sa pagdiriwang ng anibersaryo ng Partido Komunista Pilipinas (PKP) dahil sa nasaksihan niyang makamamamayang pulitika at praktika ng BHB. Sa gitna ng mga paanyaya kasama mga at makabagbag-damdaming awiting rebolusyonaryo, pinili ni Ka Joan ang buhay ng isang buongpanahong gerilya: "Matapos kong makita ang pamumuhay pakikibaka ng masa, naging madali sa akin ang gayong pagpapasya."

Isang mandirigma na katulad ng, at kaiba, sa lahat. Mahigit isang taon na si Ka Joan sa BHB. Siya ang upisyal na nangangasiwa sa pinansya at suplay ng kanilang iskwad (S4), ang pangalawang timlider at paminsan-minsa'y medik. Aktibo ang kanyang yunit sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba. Mahusay siyang nakagampan sa gayong mga gawain at



nakapagpaunlad ng kakayahan bilang Pulang mandirigma.

Ayon kay Ka Joan, mula sa kanyang pagkabata ay bukas na siya sa kanyang pagiging bakla. Suportado ng kanyang pamilya ang kanyang buong pagkatao. "Mahal na mahal ako ng aking pamilya, maging ng aking ama na palaging nagsasabing 'anuman ang kanyang kasarian, anak ko pa rin siya."

Bata pa ma'y kinakitaan na si Ka Joan ng pagiging palaban. "Nasasaktan ako kapag ginagawang katatawanan o binubugbog ng ibang mga bata ang mga kaibigan kong bakla. Kaya kahit hindi ako ang inaaway, sumusugod talaga ako at lumalaban sa mga nang-aapi sa mga kaibigan ko."

Kinukumpronta rin niya ang matatanda, tulad ng mga magulang ng kanyang mga kaibigang bakla na pumupula sa kanilang mga anak. "Sinasabi ko sa kanila na tao rin ang mga bakla, na kahit bakla ang kanilang anak, nararapat silang galangin at mahalin."

Mga bakla sa rebolusyon. Kakaun-

ti pa lamang ang nakikilala niyang bakla sa kilusan, pero alam niyang hindi ito dahil sa diskriminasyon laban sa kanila. "May ilang panahon bago ko nalaman ang upisyal na tindig ng Partido hinggil sa mga bakla. Pero kahit noong hindi ko pa nalalaman ang patakaran, malinaw ito sa mapagpalayang praktika ng Partido dahil aktibo akong hinikayat ng mga kasama na kumilos nang buong panahon at malugod nila akong tinanggap nang magpultaym ako."

Sa kabila nito, inaamin din ni Ka Joan na may ilang bakas pa rin ng pyudal at burgis na pananaw kahit sa loob ng kilusan. Ayon din sa kanya, mayroon pa ring ilang mga lalaking kasamang hindi mapakali kapag naririyan siya. Gayunman, tukoy niya ang malaking pagkakaiba ng aktitud ng mga kasama at karaniwang aktitud ng mga tao sa labas ng kilusan.

"Dito, nararamdaman kong talagang pinagsisikapan nilang tanggapin ang buo kong pagkatao, kung hindi pa man nila ito nagagawa. Dito, nararamdaman mong tunay kang mahal ng masa at mga kasama dahil rebolusyonaryo ka, anuman ang iyong piniling kasarian. At alam ko na ang Partido at rebolusyonaryong kilusan ay naglulunsad ng walang humpay na pakikibaka para pawiin ang mga labi ng pang-aapi at diskriminasyong sekswal sa loob ng kilusan at sa lipunan."

Sa loob ng hukbong bayan, patuloy na pinauunlad ang mga praktikal na pamamaraan at mga regulasyon upang paunlarin ang relasyon ng iba't ibang mga kasarian—lalaki, babae, bakla at mga lesbyan. Sa kaso ni Ka Joan, ang kanyang paliligo ay hiwalay sa mga lalaki, at syempre sa mga babae rin, tulad ng paliligo nang hiwalay ng mga binata at dalaga.

Bakit naninindigan ang Partido sa paggalang at pagkilala sa karapatan sa pagpili sa kasarian ng indibidwal na kasapi ng Partido?

TUTOL ang Partido sa anumang uri ng diskriminasyon, pang-aapi at pagsasamantala na umiiral sa lipunan. Bahagi rito ang pagtutol sa diskriminasyong nakabatay sa piniling kasarian, sa pagkakait ng mga karapatan at oportunidad batay sa piniling kasarian. Nakabatay ang pagsapi sa Partido sa pagkilala at pagtataguyod sa Marxismo-Leninismo-Maoismo bilang ideolohiya ng proletaryado, sa saligang batas ng Partido Komunista ng Pilipinas at sa kahandaang magrebolusyon. Walang dahilan upang ang isang indibidwal na tumutugon sa ganitong mga rekisito ay tanggihan ng Partido dahil lamang sa mayroon siyang naiibang piniling kasarian.

Gayunman, ang mga prinsipyo at tuntunin ng Partido ang saligang gabay sa personal na buhay ng mga Komunista. Kaya't marapat lamang na iayon ng sinumang kasapi ng Partido na may ibang piniling kasarian, tulad din ng iba pang kasapi ng Partido, ang kondukta ng kanyang personal na mga relasyon alinsunod sa mga ito. Ang mga saligang prinsipyo at tuntunin sa pag-aasawa sa loob ng Partido ay aplikable sa kanilang kaso.

Dapat mulat na bakahin ang mga sektaryong pananaw at aktitud, ang prehudisyal na pakikitungo at di magandang pagpapalagay sa pagkatao ng mga indibidwal na may ibang piniling kasarian.

(Halaw sa "Ilang Paliwanag sa mga Tuntunin sa Pag-aasawa sa Loob ng Partido" at "Mga Gabay at Tuntunin sa Pag-aasawa sa loob ng Partido" na inamyendahan noong 1998 ng Komiteng Tagapagpaganap ng Komite Sentral alinsunod sa mga susog ng ika-10 Plenum ng Komite Sentral.)

Mas karaniwan niyang kasakasama ang mga lalaki, pero kapag natutulog sa masisikip na lugar ay maingat niyang sinisiguro na may kahit konting puwang sa pagitan niya at ng iba, tulad rin ng paghihiwalay sa pagtulog ng mga binata at dalaga.

Di maiiwasan ang pagkagulat ng masa kapag nalalaman nilang may mga bakla pala sa hukbong bayan. Ngunit dahil sa walang sawang pagpapaliwanag Partido, hukbong bayan at rebolusyonaryong kilusan sa rebolusyonaryong teritoryo, mas nauunawaan ng masa kung bakit tumatanggap ng mga bakla sa BHB at walang diskriminasyon laban sa kanila. Ayon kay Rey, isang magtatanim ng mais na

nag-akalang babae si Ka Joan nang una niya itong makilala, "Binabasag niya ang karaniwang pananaw na ang mga bakla ay mahina at wala nang ibang nagagawa kundi magtrabaho sa mga beauty parlor o bilang mga tagapag-aliw."

Nang tanungin tungkol sa kanyang inaasam sa kinabukasan, ito ang sagot ni Ka Joan: "Syempre, gusto ko ng demokrasyang bayan, at nais naming tumungo sa sosyalismo dahil dito lang tunay na mapapalaya ang aping mamamayan, kabilang na ang mga bakla at lesbyan. Isinusulong ng Partido at rebolusyonaryong kilusan ang interes ng lahat ng api at lahat ng mamamayan, anuman ang piniling kasarian."



Umaabante ang rebolusyonaryong kilusan sa Negros

Itagumpay ang rebolusyonaryong kilusan sa Negros, ang pang-apat na pinakamalaking isla sa bansa. Natamo ang mga tagumpay na ito sa kabila ng kinakaharap pa ring mga problema, pagkukulang at kahinaan sa ideolohiya, pulitika at organisasyon.

Mula sa tatatlong baryong binalikan at muling pinagsimulan noong 1994, mahigit kalahati ng kabuuang 57 bayan at lunsod sa Negros ang nabalikan na rin at naaabot na ngayon ng rebolusyonaryong kilusan. Matagum-pay na naipundar at nailatag ang mga larangang gerilya sa hilaga, sentral at timog na baha-

gi ng isla. Sumasaklaw ang mga ito ng maraming baryo sa malalawak na kapatagan at sa mabundok na mga erya.

Dumarami ang mga lumalahok sa rebolusyonaryong kilusan at nagboboluntaryong maging organisador sa kanayunan o mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Lumaki ang bilang ng mga Pulang mandirigma ng BHB mula sa halos kulang sa 1% ng dating pwersa na natira makaraang malinlang at bakuran ng mga nagtaksil ang mga pwersa sa isla.

Lumalawak, lumalalim. Sa gabay ng mga aral na nahalaw sa Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto at sa paglalagom ng partikular na mga karanasan, determinado at malikhaing inilapat ng Partido sa Negros ang malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya batay sa lumalawak at lumalalim na baseng masa. Nitong nagdaang 2003, ilang matitingkad na taktikal na opensiba ang inilunsad ng BHB kasabay ng pagsigla ng kilusang masa.

Matagumpay ding nakapagpreserba ng sarili ang Partido at BHB. mga rebolusyonaryong sosyoekonomikong proyekto sa kanayunan. Umaabot na sa 5,000 pamilya ng mga magsasaka, manggagawang bukid at mangingisda ang nakatamasa ng mga benepisyo mula sa mga antipyudal na pakikibaka mula Hulyo hanggang Nobyembre 2003. Militante at organisadong nila-

banan din ng masa ang mga pangaabuso ng militar, pulis, CAFGU at RPA (isang kontra-rebolusyonaryong pangkatin ng mga taksil na garapal na tinatawag ang sarili bilang rebolus-

yonaryo.) Halimbawa nito

Sa harap ng matitinding opensiba ng kaaway, nagagawa ng BHB na makapaglunsad ng mga kontraopensiba sa kapinsalaan ng kaaway gaya ng mga naganap sa Guihulngan, Negros Oriental at sa Kabankalan City (Agosto 17, 2003).

Naitatag na rin sa ngayon ang mga ganap na samahang magsasaka sa ilang larangang gerilya. Nagsisilbi ang mga ito na tagapagani ng lakas ng rebolusyonaryong organisadong masa sa pamumuno ng Partido. Kaalinsabay nito, masiglang naisusulong ang rebolusyong agraryo ng mga magsasaka, manggagawang bukid at mangingisda kasabay ng paglalarga ng ang serye ng kilos-protesta ng humigit-kumulang 3,000 mamamayan ng Guihulngan noong katapusan ng Marso hanggang Abril para tutulan ang mili-tarisasyon ng 303rd Infantry Brigade, Special Action Force ng PNP at espesyal na paramilitar na RPA na pumipinsala sa mamamayan doon.

Inspirasyon ang kanayunan. Ang bawat makamit na tagumpay sa pagsusulong ng armadong pakikibaka sa kanayunan ay nagsisilbing inspirasyon para sa militante, organisado at papalakas na mga hayag, ligal at di-armadong pagkilos sa kalunsuran. Ipinakita ito sa

ат 💮

pakikibaka ng mga titser para sa kanilang Emergency Cost of Living Allowance (ECOLA), mga kilos-protesta ng mga konsyumer laban sa mataas na singil sa kuryente at tubig, mobilisasyon ng 5,000 sa pandaigdigang araw ng karapatang-tao noong Dis-yembre 10 sa Bacolod City at ang welga ng mga tsuper at operator na nagparalisa sa transportasyon sa malaking bahagi ng isla noong Disyembre 8-9, 2003 at nitong Marso 1.

Patuloy ding hinuhubog ang mga kadre at aktibista para sa gawaing pagoorganisa sa kanayunan at upang maging mga Pulang mandirigma ng BHB. Dumarami rin ang iba't ibang anyo ng suporta mula sa mga organisasyong masa at alyado para sa armadong pakikibaka.

Sa harap ng lumalalang krisis sa industriya ng asukal, walang ginawang anumang makabuluhang hakbangin ang rehimeng Arroyo upang maibsan man lamang ang mga pinsalang dulot ng patuloy na pagbagsak sa presyo ng asukal. Sa halip, binibigyang-pabor at proteksyon pa nito ang mga plantasyon ng mangga, mais at kamoteng-kahoy ni Eduardo Cojuangco at mga negosyo at interes ng magkapatid na Miguel "Mike" at Ignacio "Iggy" Arroyo. (Tingnan ang kaugnay na artikulo sa isyung Pebrero 21, 2004 ng AB.)

Hindi na kataka-taka ang pagbubukas ng mga agrabyadong nagpapatanim at maliliit na negosyante ng asukal sa pakikipag-alyansa sa mga magsasaka at manggagawang bukid laban sa

komun nilang mga kaaway. Katunayan, kasama sa mga nagrali noong Pebrero 8 sa Bacolod City ang mga upisyal ng National Federation of Sugarcane Planters at United

ters at United Sugar Producers of the Philippines.

Matinding panghihimasok ng US sa Haiti



Washington and pakundangan ang imperyalismong US sa paglabag sa soberanya ng mga bansa, laluna kung ang mga ito ay nasa kontinente ng America na itinuturing nitong sariling bakuran. Malaon nang pinagpipilitan ng US na may eksklusibong karapatan itong manghimasok sa anumang bansa sa kontinente.

Tumampok nitong nakaraang buwan ang pinakabagong
direktang interbensyong militar
ng US sa Haiti (isa sa maliliit na
bansa sa dagat ng Caribbean,
may 1,150 kilometro mula sa
timog-silangan ng US). Noong
Pebrero 29, pwersahang pinagbitiw at inilikas ng US ang
presidente ng Haiti na si JeanBertrande Aristide. Pagkatapos
ay inokupa ng mga pwersang
militar ng US ang palasyo ng
presidente at ibang estratehi-

kong lugar ng Haiti. Ang mga pwersang US ngayon ang tumatayong pangunahing sandatahang pwersa at pulisya sa Haiti.

Sa loob ng huling tatlong taon, puspusang nakipagsabwatan ang US sa mga elitistang oposisyon at mga armadong pwersang kriminal sa Haiti para patumbahin ang gubyerno ni Aristide. Ginamit ng US ang iba't ibang paraan para rito kabilang ang pag-embargo sa kalakalan, pagtigil ng ayuda, paglalarawan kay Aristide bilang isang bulok at inutil na lider, pagtataguyod ng mga pag-aalsa at kaguluhan, pagaatake ng mga "rebeldeng" armadong pwersang binubuo ng mga goons at pinamumunuan ng mga kriminal na mamamatay-tao at pagpapadala ng US ng mga tropang militar para tuwirang okupahin ang Haiti sa

bisperas ng pagpapatalsik kay Aristide.

Si Aristide ay isang burgisnasyunalistang namuno sa paglaban sa pasistang rehimen ni Francois "Papa Doc" Duvalier at ng kanyang anak na si Jean Claude "Baby Doc" Duvalier. Sinuportahan ng US ang mga Duvalier noong una dahil sila ang inasahan ng US na papawi sa anito'y lumalagablab na apoy ng rebolusyon at komunismo sa Latin America.

Ang mag-amang Duvalier ay mga pusakal na pasista, na bukod pa sa reaksyunaryong hukbo ng estado, ay may minamantining mabangis na private army na pumapatay sa mga kalaban nila sa pulitika at naghahasik ng lagim sa buong bansa. Kontrolado rin ng mga Duvalier ang negosyo ng iligal na droga sa Haiti, isa sa mga mayor na rutang dinadaanan ng mga ipinupuslit na droga (laluna ang cocaine) papuntang US. Iniatras ng US ang suporta sa

pasistang diktador nang umani ng malawak na suporta mula sa mamamayan ng Haiti ang kilusang pagbabago na pinamumunuan noon ni Aristide.

Nanganib at naapektuhan ng mga pagbabagong gustong gawin ni Aristide ang elitistang interes ng

mga naghaharing uring sumuporta at nakinabang kay Duvalier. Bunsod nito, maigting nilang tinutulan ang pagkapanalo ni Aristide sa eleksyon noong 1991. Inarmasan nila ang mga kriminal at dating *goons* ng pinatalsik na diktadurang Duvalier at naglunsad ang mga ito ng kudeta siyam na buwan pagkatapos maluklok sa poder ang bagong gubyerno.

Iniatras ng US si Aristide at

naghari ang batas militar sa Haiti. Noong 1994, sa utos ng presidente noon ng US na si William "Bill" Clinton, inihatid ng US Army sa Haiti si Aristide at muling iniluklok bilang presidente nang hindi pa rin mapahupa ang gera-sibil sa bansa sa kabila ng batas militar. Nangako ng \$3 bilyong ayuda ang US para sa rehabilitasyon ng ekonomyang

winasak ng kriminal at militaristang paghahari bukod pa sa halos isang siglong pandarambong. Nangako rin ang ibang imperyalistang bansa gaya ng France na suportahan si Aristide sa pamamagitan ng mga ayuda.

Pagkabalik ni Aristide noong 1994, binuwag niya ang buong pwersang

militar ng Haiti at lahat ng labi ng diktadurang nagpatalsik sa kanya. Sinikap niyang ibangon muli ang ekonomya ng bansa at bigyang-

kalutasan ang disempleyo at pagdarahop ng mamamayan. Nagpatupad siya ng paunang nasyunalisasyon ng mga industriyang hawak ng mga sumuporta sa matagal na paghahari ng mga Duvalier at sa batas militar ng 1991-1994. Sinuway niya ang dikta ng IMFisapribado WB na ang natitirang mga pag-aari ng estado at sumunod sa kontrol

ng mga imperyalistang institusyon.

Naalarma ang US at ang naghaharing uri sa mga programa ng reporma ni Aristide. Sa udyok ng naisaisantabing mga naghaharing uri sa Haiti, ipinakalat ng US ang propaganda na ang mga isinasagawang reporma ni Aristide ay nagdudulot ng ibayong kaguluhan at pagkaatrasado sa Haiti at nararapat na siyang

patalsikin.

Mula nang mailuklok sa poder si Pres. George W. Bush ng US noong 2001, binawi niyang lahat ang ayudang ibinibigay sa Haiti. Para lalong padapain ang ekonomya ng Haiti, tinambakan ito ng mga sobrang produkto ng US. Bunga ng pagtatambak ng sobrang manok galing sa US,

sumadsad ang produksyon ng manok, ang nalalabing signipikanteng sektor sa ekonomya ng Haiti. Inarmasan din ng US ang mga sindikato ng droga upang lalong guluhin ang wasak na ekonomya at pulitika ng bansa.

Hindi tinantanan ng US ang presyur kay Aristide Ialuna nitong 2004. Sa bisperas ng pagpapaalis sa

kanya, nagsabwatan ang mga ahenteng Amerikano at mga galamay nilang Haitian para piliting magbitiw si Aristide. Binantaan siyang nasa tarangkahan na ng Port-au-Prince, kabisera ng Haiti, ang mga "rebelde" at pasasabugin daw ang palasyo ng presidente kung hindi siya aalis sa pwesto.

Kinabukasan, sapilitan siyang isinakay sa isang eroplano ng US papuntang Central African Republic. Agad na kinundena ni Aristide ang maniobrang ito bilang pampulitikang pangingidnap.

Maraming bayan, kabilang ang 15 bayan sa Carribean ang nagpahayag ng protesta sa pwersahang pagpapatalsik ng US kay Aristide.

Mula sa Central African Republic, lumipat na si Aristide sa Jamaica, isa ring bansa sa Caribbean, para pamunuan ang paglaban sa US at sa iniluklok nitong papet na gubyerno sa Haiti.





Serye ng mga welga sa transportasyon, pumutok

Niyanig ng mga welga ang iba't ibang linya ng transportasyon pagkatapos ng matagumpay na pambansang tigilpasada noong Marso 1-2.

Sunud-sunod na nag-aklas ngayong Marso ang mga manggagawa ng Sulpicio Lines, mga gwardya ng Metro Rail Transit at mga bus, dyip, traysikel, traysikad at kalesa na pumapasada sa buong rehiyon ng Caraga.

Sulpicio Lines. Limang araw na pinilay ng welga ang mga byahe ng Sulpicio Lines, Inc. (SLI), and pangalawang pinakamalaking kumpanya ng barko sa bansa. Hindi bumyahe ang 22 sa 27 barko nito mula Marso 9 hanggang 14.

Ang welga ay inilunsad ng mga kasapi ng Unyon ng mga Mandaragat sa Sulpicio Solid (UMSS)-Alliance of Nationalist Genuine Labor Organizations (ANGLO)-KMU. Pangalawang welga na ito ng mga manggagawa ng Sulpicio sa loob ng walong buwan.

Iginigiit ng mga manggagawa sa Sulpicio na kilalanin ang kanilang unyon, dagdagan ang kanilang overtime pay at alawans sa pagkain at itigil ang iba pang di makatarungang patakaran sa paggawa. Ayaw makipagnegosasyon ng maneydsment ng Sulpicio Lines sa mga welgista. Idinahilan ang umiiral daw nitong CBA sa isang dilawang unyong malaon itinakwil nang na maa manggagawa.

Nagpatuloy and welga na



mga daungan

ng Maynila, Iloilo, Cebu, Ormoc, Davao at Cotabato sa kabila ng return to work order Department of Labor and Employment at pandarahas ng mga bayarang *qoons* at mga pulis. Bukod sa KMU, suportado ng BAYAN, Anakpawis, Bayan Muna at Anak ng Bayan ang welga.

MRT. Naglunsad ng sit-down strike noong Marso 11-12 ang 300 kasapi ng Vanguards Security Agency na nakatalaga sa Metro Rail Transit 3.

Bago ito, nagpiket muna sila upang igiit ang pagbabayad sa kanila ng ahensya ng isang buwan at sampung araw na sweldo.

Caraga Region. Umabot sa 98% ng mga sasakyan sa Caraga ang Region tumigil pagpapasada nitong Marso 15 at 16 sa pamumuno ng Transport Federation of Caraga at Butuan Auto Calesa Operators and Drivers Association.

Iginigiit nila ang P1.50 dagdag na pasahe, P1 rolbak sa presyo ng langis at pagbabasura sa oil deregulation law. Apektado welga ang mga byahe patungong lunsod ng Davao, Cagayan de Oro, Butuan at Surigao, mga bayan ng Bayugan at San Francisco sa Agusan del Sur at Tandag, Surigao del Sur.

Maka-US na prime minister ng Spain, inilampaso

Tnilampaso ang maka-Kanang ■Popular Party ni Jose Maria Aznar at nanalo ang Socialist Workers Party (PSOE) sa katatapos lamang na eleksyon sa Spain nitong Marso 14. Ito'y matapos mag-apoy ang galit ng mamamayan sa pagkamatay ng mahigit 200 katao at pagkasugat ng mahigit 1,500 pang iba nang bombahin ng mga terorista noong Marso 11 ang isang treng bumibyahe sa Madrid, kabisera ng Spain.

Ang pambobomba, na inako ng al-Qaeda, ay pilit na ibinintang ng gubyernong Aznar sa ETA, isang grupong sesesyonista na malaon nang naglulunsad ng armadong pakikibaka sa Spain. Ito'y para hindi mailarawan ang pambobomba bilang ganting-salakay ng mga grupong Islamiko. Masugid na sinuportahan ng gubyerno ni Aznar ang panggegera ng US sa Irag sa kabila ng mariing pagtutol dito ng mamamayan sa Spain. Umabot sa 14 milyong katao ang nagprotesta sa buong bansa nitong Marso 13, isang araw bago ang halalan.

Mula nang sakupin ng US at mga alyado nitong pwersa ang Irag, 11 sundalo na ng Spain ang namatay sa mga pananalakay ng mga gerilyang Iraqi. Ipinangako ni Jose Rodriguez Zapatero, bagong halal na prime minister ng bansa, na pauuwiin na pagsapit ng Hunyo 30 ang 1,300 tropa ng Spain na kabilang sa mga pwersang umookupa sa Iraq. Mariin din niyang binatikos ang maka-US na patakaran ni Aznar.

Sa gayong hakbang, ang Spain ang unang bansang pormal na tumiwalag sa pinamumunuan ng US koalisyong sumalakay umookupa sa Iraq.

Taon XXXV Blg. 6 Marso 21, 2004 www.philippinerevolution.org

Editoryal

Ipagbunyi ang isang taong mga tagumpay ng armadong pakikibaka


a darating na Marso 29, ika-35 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan, itanghal natin ang mga tagumpay sa pagsusulong ng digmang bayan sa nagdaang taon.

Papadalas ang paglulunsad ng mga taktikal na opensiba ng BHB sa buong bansa. Mahusay nitong tinugunan ang panawagan ng ika11 plenum ng Komite Sentral ng PKP noong katapusan ng 2002 na paigtingin ang armadong pakikibaka.

Simula huling hati ng nakaraang taon, mahigit isang taktikal na opensiba bawat linggo ang inilulunsad ng BHB sa iba't ibang bahagi ng bansa. Nitong mga huling buwan, ibayo pang dumalas at dumadagundong ang mga taktikal na opensiba ng BHB. Bunga ng mga ito, nakasamsam ang BHB ng daan-daang sandata na makapagaarmas sa ilampung platun ng mga Pulang mandirigma. Nilutas nito, sa isang antas, ang kakulangan sa armas ng BHB at pangangailangang armasan ang libu-libong mamamayang nagnanais sumapi sa BHB.

Isa sa mga tampok na taktikal na opensiba sa nakaraang taon ang pagreyd sa armori ng PICOP sa Bislig, Surigao del Sur noong Marso 21, kung saan halos 100 sarisaring armas ang nasamsam. Nariyan din ang mapangahas na reyd noong Hunyo 26 sa detatsment ng 52nd IB sa Oras, Eastern Samar, kung saan 25 armas ang nakumpiska at 15 pwersa ng kaaway ang napatay.

Susi sa matatagumpay na taktikal na opensibang ito ang mahigpit na pagkakaisa ng mamamayan at ng hukbo. Ang masiglang pagtulong, koordinasyon at aktwal na paglahok ng mamamayan sa iba't ibang aspeto ng mga taktikal na opensiba ang nagbibigay ng di mapasusubaliang bentahe ng BHB



Mga tampok sa isyung ito... Rehimeng Arroyo, nagmamatigas sa kaso ng POWS

PAHINA 4

Ka Joan, kakaibang mandirigma

PAHINA 7

Matinding panghihimasok ng US sa Haiti

PAHINA 10